



Buod ng Abiso ng Mga Kagawian sa Privacy (Summary of Notice of Privacy Practices)

Epektibo: Abril 13, 2003

Na-revise: Marso 5, 2026

Nauunawaan namin na lubos na personal ang iyong impormasyon sa kalusugan, at nakatuon kami sa pangangalaga sa privacy mo. Pinaikli ang abiso ng buod na ito para mas madaling maunawaan. Available din ang buong Abiso ng Mga Kagawian sa Privacy sa aming website at sa mga care area namin.

Inilalarawan ng abisong ito kung paano maaaring gamitin at ibahagi ang impormasyong medikal tungkol sa iyo at kung paano ka pwedeng makakuha ng access sa impormasyong ito. Pakisuri ito nang mabuti.

Para sa mga record ng part 2 na substance use disorder, inilalarawan ng abisong ito ang:

- Paano maaaring gamitin at ibunyag ang part 2 na impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo
- Ang mga karapatan mo kaugnay ng iyong impormasyon sa kalusugan
- Paano maghain ng reklamo tungkol sa paglabag sa privacy o seguridad ng impormasyon mo sa kalusugan, o sa iyong mga karapatan patungkol sa impormasyon mo

May karapatan kang makakuha ng kopya ng abisong ito (sa papel o elektronikong anyo) at talakayin ito sa aming privacy officer] sa 833-718-1043 o sa privacyofficer@trinity-health.org kung mayroon kang anumang katanungan.

Mga Karapatan Mo

May karapatan kang:

- Makakuha ng kopya ng iyong papel o elektronikong medikal na record
- Itama ang iyong papel o elektronikong medikal na record
- Humiling ng kumpidensyal na komunikasyon
- Hilingin sa amin na limitahan ang ibinabahagi naming impormasyon
- Makakuha ng listahan ng mga pinagbahagian namin ng iyong impormasyon-Accounting ng Mga Pagbubunyag
- Makakuha ng kopya ng abiso sa privacy na ito
- Pumili ng isang taong kikiilos para sa iyo
- Maghain ng reklamo kung sa tingin mo ay nalabag ang iyong mga karapatan sa privacy

Mga Pagpipilian Mo

Mayroon kang ilang pagpipilian kung paano namin gagamitin at ibabahagi ang impormasyon habang kami ay:

- Nagbibigay-alam sa pamilya at mga kaibigan tungkol sa iyong kondisyon
- Nagbibigay ng tulong sa panahon ng sakuna

- Isama ka sa direktoryo ng ospital
- Nagbibigay ng pangangalaga ng kalusugan sa pag-iisip
- Nagma-market ng aming mga serbisyo at ibinibenta ang iyong impormasyon
- Nangangalap ng pondo

Paano namin karaniwang ginagamit o ibinabahagi ang impormasyon ng kalusugan mo?

Karaniwan naming ginagamit o ibinabahagi ang impormasyon ng kalusugan mo sa mga sumusunod na paraan.

Para gamutin ka

Pwede naming gamitin ang impormasyon ng kalusugan mo at ibahagi ito sa iba na gumagamot sa iyo.

Sakop ng abisong ito ang lahat ng lokasyon ng paggamot kabilang ang mga ospital, klinika, at paggamot sa substance use disorder, na tinatawag na Part 2 Program.

Nagbibigay kami ng medikal na paggamot at may mga program sa paggamot sa substance use disorder na sakop ng mga regulasyon ng Pederal na nakasaad sa 42 CFR Part 2 (isang “Part 2” Program). Kung makakatanggap ka ng ganitong uri ng pangangalaga, posibleng hilingin sa iyo na pumirma sa form ng pangkalahatang pahintulot para sa paggamot para sa Part 2 Program. Ang nakasulat na awtorisasyon para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad, at operasyon ay pwedeng makuha nang isang beses at pwedeng suportahan ang mga paggamit ng impormasyon ng kalusugan sa hinaharap para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad, at operasyon nang walang karagdagang awtorisasyon sa ilalim ng HIPAA.

Patakbuhan ang aming organisasyon

Pwede naming gamitin at ibahagi ang impormasyon ng kalusugan mo para patakbuhan ang health system namin, mapabuti ang iyong pangangalaga, at kontakin ka kung kinakailangan.

Gumagamit kami ng teknolohiya para suportahan ang pangangalaga at paggamot na posibleng gumagamit ng Artificial Intelligence (AI). Gumagamit ang teknolohiya ng artificial intelligence ng impormasyon ng kalusugan para sanayin at pagbutihin ang function ng AI. Dapat panatilihin kumpidensyal ng aming mga partner sa teknolohiya, kabilang ang mga may teknolohiyang AI, ang impormasyon ng kalusugan sa ilalim ng naaangkop na batas.

Singil para sa mga serbisyo mo: Pwede naming gamitin at ibahagi ang impormasyon ng kalusugan mo para maningil at makatanggap ng bayad mula sa mga health plan o iba pang entity.

Paano pa namin magagamit o maibabahagi ang impormasyon ng kalusugan mo?

Pinapayagan kami o kinakailangan naming ibahagi ang impormasyon ng kalusugan mo sa iba pang paraan – kadalasan sa mga paraang nakakatulong sa kabutihan ng publiko, tulad ng pampublikong kalusugan at pananaliksik. Kailangan naming matugunan ang mga partikular na kundisyon sa batas bago namin maibahagi ang impormasyon mo para sa mga layuning ito.

Tumulong sa mga isyu sa pampublikong kalusugan at kaligtasan: Pwede naming ibahagi ang impormasyon ng kalusugan mo para sa mga partikular na sitwasyon tulad ng:

- Pag-iwas sa sakit
- Pagtulong sa mga pagbawi ng produkto
- Pag-report ng masamang reaksyon sa mga gamot
- Pag-report ng pinaghihinalaang pang-aabuso, kapabayaang, o karahasan sa tahanan
- Pag-iwas o pagbabawas ng seryosong banta sa kalusugan o kaligtasan ng sinuman

Magsaliksik: Pwede naming gamitin o ibahagi ang impormasyon mo para sa pananaliksik sa kalusugan.

Sundin ang batas: Ibabahagi namin ang impormasyon mo kung kinakailangan ito ng mga batas ng estado o pederal, kasama na ang sa Departamento ng Kalusugan at Human Services kung nais nitong makita na sumusunod kami sa batas ng pederal sa privacy.

Tumugon sa mga request sa donasyon ng organ at tissue: Pwede naming ibahagi ang impormasyon ng kalusugan mo sa mga organisasyong kumukuha ng organ.

Makipagtulungan sa medical examiner o funeral director: Pwede naming ibahagi ang impormasyon ng kalusugan sa coroner, medical examiner, o funeral director kapag namatay ang isang indibidwal.

Kompensasyon ng mga manggagawa, tagapagpatupad ng batas, at iba pang hiling ng gobyerno: Pwede naming gamitin o ibahagi ang impormasyon ng kalusugan mo:

- Para sa mga claim ng kompensasyon ng mga manggagawa
- Para sa mga layunin ng pagpapatupad ng batas o sa opisyal ng pagpapatupad ng batas
- Kasama ang mga agency ng pangangasiwa sa kalusugan para sa mga aktibidad na pinapahintulutan ng batas
- Para sa mga espesyal na function ng gobyerno tulad ng militar, pambansang seguridad, at mga serbisyo sa pagprotekta ng pangulo

Tumugon sa mga kaso at legal na aksyon

- Pwede naming ibahagi ang impormasyon ng kalusugan mo bilang tugon sa utos ng korte o administratibo, o bilang tugon sa subpoena
- Kung may mga record kami ng substance use disorder patient tungkol sa iyo, na napapailalim sa 42 CFR Part 2, hindi namin pwedeng gamitin o ibahagi ang impormasyon sa mga record na iyon sa mga sibil, kriminal, administratibo, o lehislatibong imbestigasyon o paglilitis laban sa iyo nang wala ang (1) iyong pahintulot o (2) utos ng korte at subpoena

Mga Responsibilidad Namin

- Ipinag-uutos ng batas sa amin na panatilihin ang privacy at seguridad ng protected health information mo
- Ipapaalam namin sa iyo kung may naganap na paglabag na posibleng nagkompromiso sa privacy o seguridad ng impormasyon mo
- Dapat naming sundin ang mga tungkulin at kagawian sa privacy na inilarawan sa paunawang ito at bigyan ka ng kopya nito

- Hindi namin gagamitin o ibabahagi ang impormasyon mo maliban sa inilarawan sa abisong ito maliban kung sasabihin mo sa amin na pwede naming gawin ito sa pamamagitan ng pagsulat. Kung sasabihin mo sa amin na pwede namin itong gawin, pwede mong baguhin ang iyong isip anumang oras. Ipaalam sa amin sa pamamagitan ng sulat kung magbago ang isip mo

Mga Pagbabago sa Mga Tuntunin ng Abisong ito

Pwede naming baguhin ang mga tuntunin ng abisong ito, at ilalapat ang mga pagbabago sa lahat ng impormasyong mayroon kami tungkol sa iyo. Magiging available ang bagong abiso kapag hiniling, sa aming mga care area, at sa aming web site.

Mas Mahigpit na Batas ng Estado at Pederal: Kung may nalalapat na batas sa privacy at mas mahigpit ito kaysa sa HIPAA, susundin namin ito.

Health Information Exchange ("HIE"): Kung available, ibabahagi namin ang impormasyon ng kalusugan mo sa HIE para maibahagi sa ibang mga care provider. Posibleng may kasamang sensitibong impormasyon ang impormasyon ng kalusugan mo. Ita-transmit at iso-store ng HIE ang impormasyon ng kalusugan mo. Dapat protektahan ng HIE ang impormasyon ng kalusugan mo. Posibleng pahintulutan ka ng batas ng estado na mag-opt out sa HIE. Para sa higit pang impormasyon, kontakin ang aming privacy officer sa 833-718-1043 o mag-email sa privacyofficer@trinity-health.org.

Pagbabahagi at Paggamit ng Impormasyon ng Kalusugan mo: Para makatulong na mapabuti ang pangangalaga sa iyo, posible naming ibahagi ang impormasyon ng kalusugan mo sa iba. Ang Trinity Health ay isang pambansa na Katolikong health care system, na kinabibilangan ng iba pang ospital, nursing home, at health care provider. Ibinabahagi namin ang impormasyon ng kalusugan mo para ma-coordinate ang pangangalaga sa iyo kasama ng iba pang klinikal at kaugnay sa negosyo na aktibidad ng Trinity Health.

- Medikal na Staff: Kami ay nasa Organized Health Care Arrangement ("OHCA") na may medikal na staff. Nangangahulugan ito na ibinabahagi namin ang impormasyon ng kalusugan sa medikal na staff para sa mga operasyon. Nangangahulugan din ito na sumasang-ayon ang medikal na staff na sundin ang mga tuntunin sa Abisong ito
- Mga Business Associate: Posible naming ibahagi ang impormasyon ng kalusugan sa ibang kumpanya bilang bahagi ng aming mga function sa negosyo

Mga Reklamo: Kung naniniwala kang nilabag ang iyong mga karapatan sa privacy, pwede kang maghain ng reklamo sa aming Privacy Officer o sa Kalihim ng Departamento ng Kalusugan at Human Services. Pwedeng isumite ang mga reklamo sa amin sa privacyofficer@trinity-health.org, o sa pagtawag sa 833-718-1043, o sa pagsulat sa aming system privacy officer sa: 20555 Victor Parkway, Livonia, MI 48152.

Hindi ka gagantihan para sa paghahain ng anumang reklamo.